**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Impact of social media on the spread of Slang Language

**Kent Jasper M. Rebusit***
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu
Email: rebusitk@gmail.com

**Diana Rose Panal**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu
Email: dianarosepanal@gmail.com

**Jenifer Garcia**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu
Email: garciajenifer570@gmail.com

**Ivy P. Garcia**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu
Email: ivypgarcia89@gmail.com

ABSTRACT

This study aims to examine the impact of social media on the continuous spread of slang language among students, as well as how it affects their communication patterns and use of the Filipino language. It discusses how platforms such as Facebook and TikTok serve as primary channels for the dissemination of slang terms like “Desurv,” “Sheesh,” and “Yopak,” which symbolize the creative evolution of language in the digital age. The researchers employed a descriptive research design utilizing a Likert Scale checklist and interviews to determine the level of awareness and usage of slang terms among thirty-seven (37) students from Cebu Technological University – Consolacion Campus. Based on the gathered results, the study revealed a high level of slang usage on social media and a clear influence on students’ communication styles. While slang contributes to vocabulary expansion and creative expression, findings also indicate that it leads to a gradual decline in the use of formal Filipino language. Overall, the study confirms that social media has

*Corresponding author
DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404609

Recommended citation:
Rebusit, K. J. M., Panal, D. R., Garcia, J., & Garcia, I. P. (2025). Impact of social media on the spread of Slang Language. Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences) 4 (4), 6620-6631. http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404609

both positive and negative influences on the linguistic development of the youth and serves as a significant factor in the continuous evolution of the Filipino language in the modern era.

Keywords: social media, slang language, proliferation, students, communication, language

Date Submitted: November 13, 2025
Date Accepted: November 20, 2025
Date Published: November 28, 2025

**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Epekto ng social media sa paglaganap ng Wikang Balbal

**Kent Jasper M. Rebusit**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu
Email: rebusitk@gmail.com

**Diana Rose Panal**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu
Email: dianarosepanal@gmail.com

**Jenifer Garcia**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu
Email: garciajenifer570@gmail.com

**Ivy P. Garcia**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu
Email: ivypgarcia89@gmail.com

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang epekto ng social media sa patuloy na paglaganap ng wikang balbal sa mga mag-aaral, at kung paanong ito ay nakaaapekto sa kanilang paraan ng pakikipagkomunikasyon at paggamit ng wikang Filipino. Tinalakay dito kung paano ang mga platapormang Facebook at TikTok ay nagsisilbing pangunahing daluyan ng pagpapalaganap ng mga salitang balbal tulad ng “Desurv,” “Sheesh,” at “Yopak,” na sumisimbolo sa malikhaing pag-unlad ng wika sa digital na panahon. Gumamit ang mga mananaliksik ng deskriptibong disenyo sa pamamagitan ng tseklis na may Likert Scale at panayam upang matukoy ang antas ng kaalaman at paggamit ng mga salitang balbal ng tatlumpu’t pitong (37) mag-aaral mula sa Cebu Technological University – Consolacion Campus. Batay sa mga nakalap na resulta, lumitaw na mataas ang antas ng paggamit ng wikang balbal sa social media at malinaw na may impluwensiya ito sa estilo ng komunikasyon ng mga mag-aaral. Bagaman nakatutulong ito sa pagpapalawak ng bokabularyo at malikhaing pagpapahayag, natukoy din na nagdudulot ito ng unti-unting paglimot sa paggamit ng pormal na wikang Filipino. Sa kabuuan, pinatutunayan ng pag-aaral na ang social media ay may positibo at negatibong impluwensiya sa paghubog ng wika ng kabataan at nagiging mahalagang salik sa patuloy na pag-unlad ng wikang Filipino sa makabagong panahon.

Mga susing salita: social media, wikang balbal, paglaganap, mag-aaral, komunikasyon, wika

PANIMULA

Sa kasalukuyan, kapansin-pansin ang mabilis na paglaganap ng wikang balbal sa social media, na nagiging pangunahing daluyan ng komunikasyon ng kabataan. Ang mga salitang tulad ng “lodicakes,” “charot,” “petmalu,” “ems,” at “friendzone” ay patunay ng patuloy na paglikha at pagpapalaganap ng mga bagong anyo ng wika sa mga online na plataporma. Sa tulong ng internet at ng mabilis na palitan ng impormasyon, ang mga salitang ito ay agad na kumakalat at nagiging bahagi ng pang-araw-araw na usapan ng mga gumagamit ng social media. Ipinakita nito na ang social media ay hindi lamang lugar ng libangan, kundi isa ring makapangyarihang puwersa sa pagbubuo at pagbabago ng wika. Gayunman, ang paglaganap ng wikang balbal ay dapat ding pagtuunan ng pansin upang maunawaan kung paano ito nakaaapekto sa kabuuang kalagayan ng wika at sa paraan ng komunikasyon sa lipunang Pilipino.

Ayon nila Velasquez (2023), walang makahihinto sa pag-unlad na nagaganap sa isang bansa, at nakaangkla dito ang pagbabagong likas sa isang wika, ito ay tuluyang umiiral at patuloy na sumasabay sa pagbabago. Ang wika ay sumasabay sa pag-unlad ng lipunan, teknolohiya, at kultura, kaya’t nagkakaroon ng mga bagong anyo tulad ng wikang balbal na ginagamit ng kabataan sa social media. Inilahad ni Noval (2021), laganap sa kabataan ang tulad ng Bekimon, Conyo, at Gay Lingo. Bagamat nagiging karaniwan ang mga salitang ito sa pang-araw-araw na usapan, maaari itong magdulot ng hadlang sa komunikasyon, lalo na kung hindi ito nauunawaan ng iba. Sinabi nina Alicos et al. (2025), Ang epekto ng wikang balbal o ibalbal ay nagkakaroon ng kakulangan sa pagkaintindihan ang mga tao at pagkasira ng pormal na wika, lalo na sa mga hindi akit sa partikular na grupo na gumagamit nito. Dahil dito naaapektohan na ang kanilang katatasan sa sarili nilang wika at napapabayaan na ito. Bukod dito, ang labis na paggamit ng mga salitang balbal ay nagdudulot ng kalituhan sa pagitan ng mga henerasyon, sapagkat hindi lahat ay nakauunawa sa mga bagong salitang umuusbong sa social media. Sa paglipas ng panahon, maaaring humantong ito sa pagkawala ng pagpapahalaga sa wastong paggamit ng wikang Filipino at sa pagkalimot sa tamang estruktura at bokabularyo nito.

Mahalagang pagtuunan ng pansin ang paglaganap ng wikang balbal sa social media dahil ito ay nagiging pangunahing daluyan ng komunikasyon ng kabataan sa kasalukuyan. Sa pamamagitan ng mga platapormang tulad ng Facebook, TikTok, at X, mabilis na kumakalat ang mga bagong salitang balbal na nagiging bahagi ng araw-araw na pakikipag-usap ng mga mag-aaral. Ang mga salitang ito ay madalas ginagamit bilang paraan ng pagpapahayag ng damdamin, pagkakakilanlan, at pakikisabay sa uso. Dahil dito, ang social media ay nagsisilbing mabisang kasangkapan sa pagbuo at pagpapalaganap ng mga bagong anyo ng wika. Gayunman, mahalagang suriin kung paano nakaaapekto ang ganitong kalakaran sa paggamit ng pormal na wikang Filipino at kung paano mapapanatili ang balanse sa pagitan ng pagiging makabago at wastong paggamit ng wika.

Ang paglaganap ng wikang balbal sa social media ay isang malinaw na manipestasyon ng dinamiko at patuloy na nagbabagong kalikasan ng wika. Sa pamamagitan ng mga social media platforms, ang mga kabataan ay nagiging pangunahing tagapagpalaganap ng mga bagong salitang balbal na agad nagiging bahagi ng kanilang pang-araw-araw na komunikasyon. Ang ganitong paggamit ng impormal na wika ay nagpapakita ng pagiging malikhain ng mga gumagamit ng social media, ngunit maaari rin itong magdulot ng unti-unting pagkalimot sa wastong gamit ng pormal na Filipino. Bilang mga mananaliksik at nagsasanay na guro, mahalagang pag-aralan kung paano nagiging instrumento ang social media sa pagbuo at pagpapalaganap ng mga salitang balbal, upang

makabuo ng mga hakbang na magpapalakas sa pagtuturo ng pormal na wika nang hindi sinasakripisyo ang malikhaing aspeto ng modernong pakikipagkomunikasyon.

Tunay na napapanahon ang pag-aaral hinggil sa epekto ng social media sa paglaganap ng wikang balbal sapagkat ito ay naging mahalagang bahagi ng araw-araw na komunikasyon ng mga kabataan. Sa tulong ng mga interaksyon at pagpapalitan ng mensahe sa online na mundo, mabilis na kumakalat ang mga salitang balbal na nagiging bahagi ng kanilang pagkakakilanlan at paraan ng pagpapahayag. Ipinakikita nito ang dinamiko at malikhaing katangian ng wika na patuloy na umuusbong kasabay ng makabagong panahon. Dahil dito, mahalagang suriin kung paanong ang social media ay nagiging mabisang kasangkapan sa pagbuo, pag-unlad, at pagpapalaganap ng wikang balbal sa lipunang Pilipino.

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang epekto ng social media sa paglaganap ng wikang balbal sa Filipino, partikular sa mga estudyante, at kung paano ito nakaaapekto sa kanilang paraan ng pakikipagkomunikasyon. Napapansin na maraming kabataan ang mas gumagamit ng mga makabagong salitang balbal na bunga ng mabilis na palitan ng mensahe sa online na mundo. Ang ganitong kalakaran ay nagpapakita ng pagkamalikhain ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika, subalit maaari rin itong magdulot ng pagbabago sa kanilang estilo ng pagpapahayag. Dahil dito, mahalagang pagtuunan ng pansin kung paano ang social media ay nagiging pangunahing salik sa patuloy na paglaganap ng wikang balbal sa kasalukuyang henerasyon.

Upang masuri nang epektibo ang epekto ng social media sa paglaganap ng wikang balbal, gagamit ang mga mananaliksik ng tseklis at panayam upang alamin ang kamalayan at opinyon ng mga estudyante hinggil sa patuloy na pagdami at paggamit ng mga salitang balbal sa kanilang kapaligiran. Layunin ng mga kasangkapan na ito na matukoy kung paano nila nakikita ang paglaganap ng mga bagong salita at kung paanong ito ay mabilis na kumakalat sa tulong ng social media. Sa pamamagitan ng mga sagot mula sa mga kalahok, inaasahang makakalap ang mahahalagang impormasyon tungkol sa paraan ng pagkalat at pagtanggap ng mga salitang balbal sa hanay ng kabataan. Ang mga datos na ito ay magsisilbing batayan sa pag-unawa kung paanong nagiging instrumento ang social media sa pagpapalaganap ng wikang balbal sa kasalukuyang henerasyon.

Mahalaga ang pananaliksik na ito upang matukoy ang epekto ng social media sa paglaganap ng wikang balbal sa hanay ng mga estudyante. Layunin nitong ipakita kung paano nagiging daan ang social media sa mabilis na pagpapalitan at paggamit ng mga bagong salitang balbal sa araw-araw na komunikasyon ng kabataan. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, masusuri kung paanong ang social media ay nagiging instrumento sa pagpapalawak ng paggamit ng balbal at kung paano ito nagiging bahagi ng kultura at identidad ng kabataang Pilipino. Ang resulta ng pananaliksik ay makatutulong sa pag-unawa sa lawak ng impluwensiya ng social media sa patuloy na paglaganap ng wikang balbal sa makabagong panahon.

Sa kabuuan, ang social media ay may malaking papel sa mabilis na paglaganap ng wikang balbal sa hanay ng mga kabataan. Sa tulong ng online na komunikasyon, nagiging madali ang pagbuo at pagpapalaganap ng mga bagong salitang nagiging bahagi ng araw-araw na usapan. Ipinakikita nito ang pagkamalikhain ng kabataan at ang dinamiko ng wika sa makabagong panahon. Dahil dito, mahalagang pag-aralan kung paanong ang social media ay nagiging instrumento sa patuloy na paglaganap ng wikang balbal sa lipunang Pilipino.

Paglalahad ng suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang epekto ng social media sa paglaganap ng mga salitang balbal sa wikang Filipino, partikular sa mga estudyante na nasa ikatlong taon na kumukuha ng kursong Filipino ng Cebu Technological University - Consolacion Campus.

Tinitiyak din na matugunan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang wikang balbal na kadalasang nakikita sa social media?
2. Ano ang kadalasang plataporma sa social media ang pinakakaraniwang ginagamit?
3. Batay sa natuklasan, ano ang wikang balbal ang hindi gaanong ginagamit ng mga mag-aaral?
4. Ano ang epekto ng social media sa pag-usbong at paglaganap ng wikang balbal?
5. Ano ang kagamitang pampagtuturo na maaaring gamitin batay sa natuklasan ng pag-aaral?

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gagamit ng deskriptibong pananaliksik sa pamamagitan ng paggamit ng Tskelis na may Likert Scale upang masuri ang epekto ng social media sa paglaganap ng wikang balbal at Panayam upang makuha ang mga kamalayan, pananaw, at saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa pagbabago at paglaganap ng balbal sa kanilang komunikayon.

Ang mga respondente ng pananaliksik na ito ay binubuo ng tatlumpo't pitong (37) mag-aaral mula sa ikatlong taon ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon, Medyor sa Filipino ng Cebu Technological University – Consolacion Campus, taong panuruan 2024-2025. Gumamit ang mga mananaliksik ng convenience sampling sa pagpili ng mga respondente, kung saan pinili ang mga mag-aaral na madaling maanyayahan at handang lumahok sa pag-aaral.

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng tseklis na may Likert Scale at Panayam bilang pangunahing instrumento sa pagkuha ng datos upang masuri ang kamalayan at saloobin ng mga mag-aaral. Ang tseklis at panayam ay naglalaman ng mga tanong na nakatuon sa kanilang pag-unawa at pananaw tungkol sa epekto ng social media sa paglaganap ng wikang balbal. Sa pagsusuri ng mga nakalap na sagot, ginamit ang Limang-Puntong Likert Scale, kung saan ang bawat pagpipilian ay may katumbas na puntos mula 0 (Walang alam) hanggang 5 (Lubos na nakakaalam). Ang bawat sagot ng respondente ay binigyan ng katumbas na marka, at ang mga resulta ay inanalisa gamit ang descriptive statistics tulad ng frequency, percentage, mean, at standard deviation upang mailarawan ang pattern ng paggamit ng balbal at antas ng impluwensiya ng social media.

Ginamit ang kaukulang istatistikal na pagsusuri upang matiyang ang kasagutan sa mga suliraning tinutukoy sa pag-aaral. Descriptive Statistics - Ginagamit ito upang ilarawan ang mga pangunahing katangian ng nakalap na datos. Sa pamamagitan ng mga estatistika na ito, naipakita kung gaano kalaganap ang paggamit ng balbal na salita sa mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon sa Filipino sa Cebu Technological University – Consolacion Campus, pati na rin kung paano ito nakaaapekto sa kanilang kasanayan sa pormal na pagsulat at pagsasalita sa wikang Filipino. Thematic Analysis - Ginamit ito upang suriin at ilarawan ang mga temang lumitaw mula sa mga sagot ng mga kalahok. Sa pamamagitan ng thematic analysis, natukoy kung paano nakaaapekto ang social media sa paglaganap at paggamit ng mga salitang balbal ng mga mag-aaral. Gayundin kung paano ito nakaiimpluwensya sa kanilang paraan ng pagpapahayag at pakikipag-ugnayan sa kapwa.

## MGA RESULTA AT TALAKAYAN

### Mga balbal na salita

Batay sa metodolohiyang ginamit sa pag-aaral, sinuri ng mga mananaliksik ang mga kasagutan ng mga mag-aaral upang matukoy ang antas ng kanilang kaalaman at paggamit ng mga balbal na salita sa social media at sa pang-araw-araw na komunikasyon. Layunin ng pag-aaral na tuklasin kung aling mga salitang balbal ang madalas gamitin at alin ang bihira nang lumalabas sa kanilang interaksyon, gayundin ang epekto nito sa kanilang paraan ng pagpapahayag. Sa nakalap na datos, malinaw na ang mga salitang "Desurv," "Sheesh," at "Yopak" ang may pinaka-mataas na antas ng pagkakakilala at paggamit, na nagpapatunay na malawakan itong ginagamit ng mga kabataan sa social media. Sa kabilang banda, ang mga salitang "Abas" at "Poganda" ay nagpakita ng mababang antas ng pagkilala at paggamit, na nagpapahiwatig na hindi ito gaanong bahagi ng kanilang kasalukuyang bokabularyo. Ang talahanayan mula sa pag-aaral ay nagpakita ng apat na kategorya ng kamalayan—lubos na nakakaalam, bahagyang nakakaalam, kaunti lamang ang alam, at walang alam—gayundin ng antas ng paggamit mula napakataas hanggang napakababa, na pawang nagpapakita ng lawak ng pagkakatulad at pagkakaiba sa paggamit ng balbal.

Ang pagsusuri sa mga karaniwang ginagamit at hindi gaanong ginagamit na salitang balbal ay nagpapakita ng makabuluhang impluwensya nito sa pakikipagkomunikasyon ng kabataan. Ipinakikita ng mataas na paggamit ng "Desurv," "Sheesh," at "Yopak" na nagiging bahagi na ito ng kanilang pagkakakilanlan at estilo ng pakikipag-ugnayan sa digital na espasyo. Samantala, ang mga bihirang gamitin na salitang tulad ng "Abas" at "Poganda" ay nagpapahiwatig ng mabilis na pag-usbong at paglimot sa mga lumang termino, bunga ng patuloy na pagbabago sa wika sa social media. Ayon kay Dela Cruz et al. (2024), ang paggamit ng mga karaniwang salitang balbal ay nagkakaroon ng epekto sa ugnayang panlipunan sapagkat ang mga mag-aaral ay nagtataglay ng pagkakakilanlan sa mga taong may kaparehong interes, kaya mas napapatatag ang kanilang ugnayan sa loob ng paaralan. Dagdag pa rito, ayon kay Krishendu et al. (2025), ang social media ay nagtataguyod ng kultura ng pagiging mabilis at maikli sa komunikasyon, kung saan pinahahalagahan ang talas ng isip at diretsong pagpapahayag. Dahil dito, nagiging mas malikhain ang mga kabataan sa pagbuo ng panibagong salita at istilo ng komunikasyon.

### Social media

Sa pag-aaral at pagsusuring isinagawa, sinuri ng mga mananaliksik ang mga social media platform na madalas gamitin ng mga mag-aaral upang malaman kung alin sa mga ito ang may pinakamalaking impluwensya sa paglaganap ng wikang balbal. Batay sa makalap na datos, lumabas na ang Facebook ang pinakaginagamit ng lahat ng respondente na may 36 (100%), na nagpapakita na ito ang pangunahing daluyan ng pagpapakalat ng mga balbal na salita. Sumunod ang TikTok na may 33 (91.66%), na maaaring bunga ng pag-usbong ng mga viral content, influencer, at trending challenges. Samantala, mas mababa ang paggamit sa Instagram (11, 30.55%) at Twitter (7, 19.44%), na nagpapakita ng mas limitadong interaksyon sa balbal sa mga platapormang iyon.

Ipinapakita ng datos na ang Facebook at TikTok ang pinakamalaking pinanggagalingan ng paglaganap ng balbal sa social media, dahilan upang mabilis itong maipasa at matutuhan ng kabataan. Ang ganitong kalakaran ay nagdadala ng malaking implikasyon sa komunikasyon ng mga mag-aaral. Mahalagang gabayan sila ng mga guro sa wastong paggamit ng wikang Filipino, partikular sa pormal na konteksto, upang magkaroon sila ng kamalayan sa tamang paggamit ng mga salitang balbal. Ayon kay Muñoz (2025), ang pag-usbong ng social media ay nagpalaganap ng balbal at daglat na salita sa iba't ibang kultura, kasabay ng pagtangkilik ng mga tao sa mga bagong kaalaman at uso. Dagdag pa nina Nurmaisarah et al. (2025) na dahil sa pag-unlad ng teknolohiya, naging mas tanyag ang social media sa kabataan, kaya't nagkaroon ng malaking pagbabago sa kanilang paraan ng pakikipagkomunikasyon. Sa pag-usbong ng mga bagong anyo ng wika at istilo ng pagpapahayag, nagkaroon ng makabuluhang pagbabago sa pakikisalamuha ng kabataan sa online na mundo.

Mga temang nakikita sa mga sagot ng mga mag-aaral

Social media at wikang balbal

Sa temang ito, lumitaw mula sa mga tugon ng mag-aaral na ang social media ang pangunahing daluyan ng mabilisang pagkalat ng wikang balbal sa kabataan. Sa platapormang tulad ng Facebook, TikTok, at YouTube, madali nilang natututuhan ang mga bagong salitang nagiging "uso." Ayon sa tugon ng isang mag-aaral, "Oh kay sa paraan sa social media mas mapapalawak ang mga bagong salita at dahil sa mga friends natin o mga sikat na tao o mga vloggers." Ganito rin ang ipinahayag sa isa pang tugon na nagsabing ang social media ang lugar kung saan sumisikat ang mga bagong salitang balbal. Ipinakita rin ng isang kalahok na ginagamit ng mga TikTok creators at vlogger ang mga balbal na salita sa kanilang mga nilalaman, kaya't mas kumakalat ito. Ayon kina Germe et al. (2025), dahil sa social media, nagiging karaniwan ang paggamit ng impormal na komunikasyon tulad ng balbal, emoji, at daglat, na nagdudulot ng pagbabago sa tradisyunal na paraan ng pagsasalita at pagsusulat ng kabataan.

Pagbabago sa komunikasyon

Lumabas din sa pagsusuri na nagdulot ang social media ng malaking pagbabago sa paraan ng pakikipagkomunikasyon ng kabataan. Sa halip na gumamit ng pormal na Filipino, mas karaniwan na sa mga mag-aaral ang paggamit ng pinaghalong balbal at impormal na wika. Ayon sa isang kalahok, "Karun kay Gen Z man ta… imbis usahay naay pormal na unta dapat na istorya then masagolan na siya mga balbal." Ganito rin ang isa pang tugon na nagsabi na hindi na pormal ang pakikipag-usap ng mga tao dahil sa paglaganap ng balbal. Sa interpretasyon ng isa pang tugon, mas madali ang komunikasyon kapag marunong kang gumamit ng mga salitang balbal dahil mas naiintindihan ka ng iba. Pinatunayan ito ni Aldovino Jr. (2024) na nagsabing maraming mag-aaral ang gumagamit ng pinaikling salita at balbal kahit sa pormal na usapan, at minsan ay nagdudulot ito ng hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng henerasyon. Dagdag pa ni Ricaforte (2022), ang labis na paggamit ng social media ay maaaring makaapekto sa kasanayan sa pagbasa at pagsulat, lalo na sa pormal na pagpapahayag.

Paglimot sa pormal na wika

Naging malinaw rin sa mga tugon na ang paglaganap ng balbal ay nagdudulot ng paglimot sa tradisyunal at pormal na wikang Filipino. Ayon sa isang tugon, “Ito ay nakakaapekto sa social media dahil nalilimutan na ang wastong paggamit ng pormal na salita.” May isa ring nagsabi na “Mas bihasa na ang mga mag-aaral na magsalita ng balbal kaysa pormal… natabunan na kay di na kaayo sya magamit,” at isang kalahok ang nagsabi na hindi nakakaunawa ang mga nakatatanda sa wika ng Gen Z. Tinutulungan tayo nina Yanti at Baroka (2021) upang maunawaan na ang pag-usbong ng digital communication ay nagdulot ng bagong anyo ng pagpapahayag na nakatuon sa bilis at pagiging praktikal. Ipinahayag din nina Yusuf et al. (2025) na ang madalas na paggamit ng impormal na wika ay maaaring magpahina sa kakayahan ng kabataan na gumamit ng pormal na Filipino sa pagsulat at akademikong gawain.

Pagpapalawak ng bokabularyo

Sa kabila ng mga hamong dulot ng balbal, lumitaw din na nakatutulong ang social media sa pagpapalawak ng bokabularyo ng kabataan. Ayon sa mga tugon, ang social media ay nagiging tulay sa paglikha ng mga bagong salita at sa pagkalat ng mga terminong tulad ng “yopak.” Isa sa mga tugon ang nagsabing “Nakakaimpluwensya ito sa paglikha ng mga bagong salita o ‘trending’ na termino.” May isa ring nagsabi na “Dahil sa social media, nakakalikha ng iba’t ibang salita… at na-aadapt ito ng iba’t ibang tao.” Binibigyang-linaw nina Yanti at Baroka (2021) na ang social media ay nagbubukas ng mga bagong anyo ng pagpapahayag, komunikasyon, at identidad sa digital na mundo, at nagiging daluyan ito ng kulturang kabataan.

Sosyal na impluwensya

Huli, ang tema ng panlipunang impluwensya ay nagpapakita na ang wikang balbal ay nagiging simbolo ng pagkakaisa at pagkakakilanlan ng kabataan. Ayon sa tugon ng isang mag-aaral, “Naimpluwensyahan sila ng mga gay friends at mga friends… kung ano ang uso, iyon din ang sinusunod.” May isa pang kalahok na nagsabi na ang mga kabataan ngayon ay madaling maimpluwensyahan dahil sumusunod sila sa mga influencer sa social media. Patunay dito ang pahayag nina Francisco et al. (2025) na ang Gen Z ay kabilang sa mga pinakaaktibong gumagamit ng social media, kaya sila ang nagiging pangunahing pinanggagalingan ng mga bagong salita at uso. Dagdag pa nina Sitohang et al. (2023) na ang wika ay dinamiko at patuloy na nagbabago, sumasalamin sa pag-unlad ng lipunan, kultura, at teknolohiya.

## KONKLUSYON

Batay sa resulta ng pag-aaral, napatunayan ng mga mananaliksik na ang social media ay may malaking epekto sa patuloy na paglaganap ng wikang balbal sa hanay ng mga kabataan. Una, lumitaw sa resulta na ang mga platapormang Facebook at TikTok ang pangunahing daluyan ng pagpapakalat ng mga salitang balbal, na nagiging bahagi na ng araw-araw na komunikasyon ng mga mag-aaral. Ipinakita rin na ang mga salitang tulad ng “Desurv,” “Sheesh,” at “Yopak” ay madalas gamitin at nagpapakita ng pagkamalikhain ng kabataan sa pagpapahayag. Pangalawa, batay sa isinagawang pagsusuri, malinaw na ang social media ay nagiging mabisang instrumento

sa pagbubuo, pag-unlad, at pagpapalaganap ng mga bagong anyo ng wika. Gayunman, ito rin ay may negatibong epekto, sapagkat unti-unting nalilimutan ng kabataan ang paggamit ng pormal na wikang Filipino sa mga pormal na konteksto tulad ng pagsulat at talakayang akademiko. Panghuli, pinatutunayan ng pananaliksik na ang social media ay hindi lamang nakaaapekto sa paraan ng komunikasyon ng mga mag-aaral, kundi nagsisilbi ring salamin ng dinamiko at patuloy na nagbabagong kalikasan ng wikang Filipino sa makabagong panahon. Samakatuwid, mahalagang gamitin ito nang responsable at may gabay upang mapanatili ang tamang paggamit ng wika habang tinatangkilik ang makabagong paraan ng pakikipag-ugnayan.

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, inirerekomenda ang mga susunod na mananaliksik na (1) Palawakin pa ang saklaw ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mas maraming kalahok mula sa iba't ibang antas at paaralan upang makuha ang mas malawak na pananaw hinggil sa epekto ng social media sa wikang balbal. (2) Mainam ding gumamit ng iba pang pamamaraan ng pananaliksik tulad ng pakikipanayam o obserbasyon upang higit na maunawaan ang paraan ng paggamit ng mga salitang balbal sa aktuwal na komunikasyon ng kabataan. (3) Bukod dito, maaaring suriin sa hinaharap ang epekto ng wikang balbal sa pormal na paggamit ng wikang Filipino upang mas mabigyang-diin ang balanse sa pagitan ng pagiging malikhain at wastong paggamit ng wika sa makabagong panahon.

## MGA SANGGUNIAN

Alcantara, E. F., Foster, J. J., Francisco, C. A., & Valdez, S. A. (2023). CHAP 1 and 2 balbal – Epekto ng paggamit ng salitang balbal sa komunikasyon ng mga piling mag-aaral. Studocu. https://www.studocu.com/ph/document/siena-college-of-taytay/practical-research-2/chap-1-and-2-balbal/61078253

Aldovino, Jr. (2024). Ang pagbabago ng wikang Filipino sa panahon ng social media. Scribd. https://www.scribd.com/document/706093774/Ang-Pagbabago-Ng-Wikang-Filipino-Sa-Panahon-Ng-Social-Media

Aubrey, A., Germe, C., & Carado. (2025). Factors influencing the use of slang language among Generation Z students. IOSR Journal of Humanities and Social Science, 30(3). https://doi.org/10.9790/0837-3003031525

Caliso Velasquez, A. (2023). Semantikong histo-sikolohikal na pag-aaral: Piling balbal na salita ng mga batang Gen-Z sa General Malvar St., Siyudad Davao. Journal of Indigenous Languages, 1(1). https://journals.jozacpublishers.com/jil/article/download/461/298

Dela Cruz, et al. (2025). Exploring senior high school students' comprehension of current Gen Z slang. Scribd. https://www.scribd.com/document/862000516/10-rrl-and-10-rrs

Dominguez, E. M. A. (2021). Epekto ng salitang balbal sa social media: Introduction. Scribd. https://www.scribd.com/document/508926547/Epekto-Ng-Salitang-Balbal-Sa-Social-Media-Introduction

Evangaline, A., Mohanraj, K., Thangamani, A., & Kumar, M. R. (2023, December). The impact of social media on the evolution of language and communication trends. Shanlax International

Journals. https://www.researchgate.net/publication/377214822_The_Impact_of_Social_Media_on_the_Evolution_of_Language_and_Communication_Trends

Francisco, L. N. A., & Ituralde, R. A. C. (2025). WikaGenZ 2: The development of language among Filipino youth. International Journal of Research Studies in Education, 14(4). https://doi.org/10.5861/ijrse.2025.25832

Gagalang, J. L. (2021). Exploring social media use of Filipino learners. Linguistics and Culture Review, 6(S2). https://doi.org/10.21744/lingcure.v6ns2.2034

Gime, A., & Macascas, C. (2020). WikaGenZ: Bagong anyo ng Filipino slang sa Pilipinas. International Journal of Research Studies in Education, 9(3). https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5823

Javier, F. J. L., Hipolito, R., Balignasay, A., & Simbre, J. (2023). Epekto ng social media sa wikang Filipino ng mga mag-aaral ng BSED. Studocu. https://www.studocu.com/ph/document/tarlac-state-university/filipino/pananaliksik-group-3-final/47086957

Magalona, M. L. P., Papasin, E. M., Ilagan, T. M. M., & Almarez, M. C. (2023). Epekto ng social media sa paggamit ng wika sa mag-aaral ng Gulod Senior High School. Course Sidekick. https://www.coursesidekick.com/sociology/17053415

Molbog, M. L., & Medrano, D. R. (2022). Salitang balbal: Paggamit at epekto sa kasalukuyang panahon. Scribd. https://www.scribd.com/document/634008142/SALITANG-BALBAL-Paggamit-at-Epekto-sa-Kasalukuyang-Panahon

Noval, A. T. (2020). Pag-usbong ng balbal na pananalita bilang modernong wika ng kabataan: Isang pagsusuri. International Journal of Research Studies in Education, 10(4). https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5069

Nurmaisarah, A. R., et al. (2025). The use of slang by Gen Z female influencers on Instagram and Twitter (X). International Journal of Research and Innovation in Social Science. https://rsisinternational.org/journals/ijriss/articles/the-use-of-slang-by-gen-z-female-influencers-on-instagram-and-twitter-x/

Mark, K., & Muñoz. (2025). The impact of social media slangs and acronyms on students' communication skills. DepEd Bataan. https://depedbataan.com/wp-content/uploads/2025/01/THE-IMPACT-OF-SOCIAL-MEDIA-SLANGS-AND-ACRONYMS-ON-STUDENTS-COMMUNICATION-SKILLS.pdf

Reymund, J., Noguerra Denzel, M., Ciruela Mark, J., Benitez Maelah, J., Buo, J., Lord, C., & Escobal. (2024). Pamamaraang paggamit sa mga salitang balbal ng mga kabataang Gen Z: Isang

elektronikong pagsusuri. International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies, IV(7), 2799–0664. https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2024/08/7-IJAMS-JULY-2024-15-27.pdf

Ricaforte, L. B. (2022). Social media exposure and usage of cyber slang: Bases in examining the academic writing conventions of the students. Shanti Journal, 1(1), 229–254. https://doi.org/10.3126/shantij.v1i1.47906

Rose, H., Alicos, O., & Cutamora, E. (2025). Karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang balbal at katatasan sa pagsasalita ng wikang Filipino. American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 215–230. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2025/07/R25907215230.pdf

Sitohang, D. P., & Damanik, B. A. R. (2025). A semantic analysis of slang words used by Gen Z on social media. Sufiya Journal of Social Science and Humanities. https://journal.sufiya.org/index.php/yjssh/article/view/147/66

Yanti, C. H., & Barokah, F. M. (2025). Word formation process of new words on popular social media platforms. Jurnal Ilmiah Bina Bahasa, 18(1), 50–63. https://doi.org/10.33557/yemtfg62

Yusuf, et al. (2025). The effect of social media on the language use of teenagers in Makassar. Journal of Indonesian Social Sciences and Humanities. https://journal.unhas.ac.id/index.php/jish/article/view/43841/12901

Velasquez, A. J. C. (2023). Semantikong histo-sikolohikal na pag-aaral: Piling balbal na salita ng mga batang Gen-Z sa General Malvar St., Siyudad Davao. Journal of Indigenous Languages, 1(1), 1–29. https://journals.jozacpublishers.com/index.php/jil/article/view/461/298

Vacalares, S. T., Salas, A. F. R., Babac, B. J. S., Cagalawan, A. L., & Calimpong, C. D. (2023). The intelligibility of internet slangs between millennials and Gen Zers: A comparative study. International Journal of Science and Research Archive, 9(1), 400–409. https://doi.org/10.30574/ijsra.2023.9.1.0456